# Buod ng mga Minimum o Batayang Pamantayan at Proteksiyon para sa mga App-based Ride-Hail at Delivery Services Worker

Simula Setyembre 3, 2024, ipinapatupad ng bagong regulasyon ang mga sumusunod na minimum o batayang pamantayan at proteksiyon para sa mga app-based ride-hail at delivery service worker.

## Minimum o batayang pamantayan sa pagtatrabaho

Para sa mga regulasyong ito, nagsisimula ang "engaged time" (ginugol na oras) kapag tinanggap ng manggagawa ang assignment at nagtatapos ito kapag nakumpleto na ang assignment. Hindi kasama dito ang oras sa pagitan ng paghihintay para sa susunod na assignment.

### Minimum wage

- Ang minimum wage ay $21.89/oras para sa engaged time (ginugol na oras). Ito ay humigit-kumulang 120% ng pangkalahatang minimum wage ng B.C. (kasalukuyang $18.25)
- Dapat na dagdagan o i-top up ng mga platform company ang pagkakaiba o kulang na halaga kapag ang binayad na kita sa loob ng isang pay period ay hindi umabot sa minimum wage para sa tinrabahong engaged time
- Hindi kasama ang mga tip sa kalkulasyon para sa minimum wage
- Tulad ng iba pang minimum wage sa B.C., tumataas ang minimum wage na ito bawat taon batay sa porsiyento ng implasyon, kung saan ang susunod na awtomatikong pagtaas ay mangyayari sa Hunyo 2027

### Mga gastusin

- Inaatasan ng mga regulasyon na bayaran ang mga manggagawa para sa mga nagastos nila kapag gumagamit ng personal na sasakyan para sa trabaho sa panahon ng engaged time (ginugol na oras)
    - Hindi bababa sa 45 sentimo kada kilometro para sa mga ride-hail assignment
    - Hindi bababa sa 35 sentimo kada kilometro para sa mga delivery assignment. Kabilang dito ang mga bisikleta o scooter, bukod pa sa mga sasakyan
    - Mas mataas ang mga rate para sa ride-hail dahil inaatasan ng batas ang mga manggagawang ito na gumamit ng mga sasakyang hindi higit sa 10 taon. Samantala, maaaring gumamit ang mga delivery worker ng mga sasakyan gaano man ito kaluma
    - Hiwalay ang bayad o reimbursement para sa mga gastusin sa sasakyan mula sa minimum wage

## Proteksiyon para sa mga tip:

- Dapat ibigay ang 100% ng mga tip sa manggagawa
- Hindi dapat i-withhold (itago o hindi ibigay) o bawasan ng mga platform company ang mga tip

## Transparency ng bayad at destinasyon

- Kapag nagbibigay ng assignment ang mga platform company sa manggagawa, dapat tiyakin ng kompanya na makikita ng manggagawa ang kabuuang tinatayang kikitain (sahod at allowance para sa gastos sa distansya, na hindi kasama ang mga tip) para sa pagkumpleto ng assignment
- Dapat magbigay ang mga platform company sa mga manggagawa ng mga wage statement sa bawat pay period
- Dapat ibigay ng mga platform company ang lahat ng lokasyon ng pick-up at delivery (sa loob ng 300 metro) kapag nag-aalok ng assignment sa manggagawa

## Mga suspensiyon (pansamantalang pagtigil sa trabaho) at terminasyon (pagtanggal sa trabaho)

- Inaatasan ang mga platform company na ipagbigay-alam sa manggagawa sa pamamagitan ng sulat ang dahilan para sa pansamantalang suspensiyon o permanenteng deactivation ng kanilang account
    - Para sa mga pansamantalang suspensiyon, sa maraming pagkakataon, dapat ibalik ng mga kompanya ang manggagawa sa trabaho o tanggalin ang kanilang account sa loob ng 14 na araw
- Dapat magbigay ang mga platform company ng nakasulat na abiso o kompensasyon batay sa haba ng serbisyo kung nais nilang permanenteng tanggalin ang manggagawa, maliban kung may makatwirang dahilan para sa terminasyon

## Mga pamantayan sa ilalim ng Employment Standards Act na hindi naaangkop sa mga app-based na manggagawa

- Oras ng Trabaho at Overtime (mga tuntunin tungkol sa tagal ng maaaring pagtatrabaho ng mga empleyado, kung kailan sila may karapatan sa mga break, at pagbabayad ng overtime para sa dagdag na oras)
- Mga Statutory Holiday (karagdagang bayad para sa pagtatrabaho sa mga statutory holiday)
- Mga Bayad na Bakasyon (kabilang ang karapatan sa bayad na bakasyon kapag may sakit o kapag nagpapabakuna laban sa COVID-19)
- Taunang Bakasyon (mga karapatan sa oras ng bakasyon at bayad habang naka-bakasyon)

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa minimum o batayang pamantayan para sa mga manggagawang ito: https://www2.gov.bc.ca/gov/content/employment-business/employment-standards-advice/employment-standards/forms-resources/igm

## Proteksiyon sa worker's compensation

- Naaangkop ang workers' compensation coverage mula sa WorkSafeBC para sa mga manggagawa ng app-based na ride-hail at delivery services
- Kwalipikado ang mga manggagawa para sa workers' compensation benefits kung sila ay masaktan o magkaroon ng injury habang nagtatrabaho sa ride-hail o delivery services
- Responsibilidad ng mga platform company ang:
  - Pagrehistro para sa coverage ng WorkSafeBC at pagbabayad ng mga premium
  - Pagsunod sa mga tuntuning pangkalusugan at pangkaligtasan upang mapanatiling ligtas ang mga manggagawa
  - Pag-ulat ng mga pinsala o injury at mga sakit sa lugar ng trabaho
  - Pag-imbestiga ng mga matinding insidente

Karagdagang impormasyon tungkol sa workers' compensation coverage para sa mga app-based ride-hail at delivery service worker: https://www.worksafebc.com/en/about-us/news-events/campaigns/online-platform